

## APLIKASYON PARA SA PAGSUSURING KAUGNAY NG TINGGA

Petsa	
Pangalan	
Kalyeng Adres (kung saan titipunin ang sampol)	Apt/Ste #
Lungsod	Zip Code
Pinakamalapit na Kakrus na Kalye	
Numero ng Telepono (     )	Ika-2 Numero ng Telepono (     )
Email Address	
Adres sa Pagpapakoreo (kung iba sa nasa itaas)	

Ang mga fee ay dapat bayaran nang maaga

Ibayad ang mga tseke sa:

**San Francisco Public Utilities Commission (SFPUC)**

Ang Fee ay \$25 kada Tap/Faucet/Sampol

**BILANG NG HINILING NA SAMPOL** \_\_\_\_\_

**KABUUNANG**

**HALAGANG KALAKIP** \$ \_\_\_\_\_  
( # NG MGA SAMPOL X \$25 )

Ipadala ang aplikasyong ito at bayad sa:

**SFPUC Water Quality Division**  
**ATTN: Lead Program Coordinator**  
**1657 Rollins Road**  
**Burlingame, CA 94010**

**Mangyaring sundin ang pamamaraan sa ibaba para sa iyong sampol ng tingga.**

- Pagkatanggap nitong aplikasyon at bayad, ikaw ay kokontakin ng SFPUC Water Quality Division upang magtakda ng paghahatid ng (mga) bote ng sampol ng tubig.
- MAHALAGA: Huwag gamitin ang tubig sa gripo nang 6 na oras o higit bago ang pagkuha ng sampol.** Huwag hayaang nakalagay nang hindi nagagamit ang tubig nang higit sa 12 oras sa (mga) ikinakabit na susuriin.
- Kapag nagtitipon ng sampol (bago gamitin ang anumang tubig, o i-flush ang toilet) maingat na **PUNUIN** ang bote sa **UNANG PAGKUHA** ng tubig mula sa gripong kinukunan ng sampol. **ILAGAY SA BOTE ANG PETA, ORAS at LOKASYON** ng gripo kung saan tinipon mo ang sampol.
- Para sa pick up — iwan ang (mga) bote sa puting bag na plastic sa labas ng pangharap na pinto ng iyong tirahan o sa lokasyon na pinagkasunduan natin/inihatid ito. Dapat kang tumawag sa **(650) 652-3131 (bago ang 9am)** upang kumpirmahain na ang sampol ay handa na para sa pick up.

### Para sa Paggamit ng Opisina Lamang

Sampol na Lokasyon	LF#	Petsa Tinipon

Mga Resulta	SDG#	Resulta Petsa Ipinadala

Ang mga resulta ay ipapakoreo sa iyo sa loob ng mga 4 na linggo. Kung may mga tanong ka o kailangang baguhin ang iskedyul ng pick up, mangyaring kontakin si: **Susan Soteriou** (Inspektor ng Serbisyong Tubig) sa **(650) 652-3131/ssoteriou@sfgwater.org**  
O Desk ng Pagtanggap ng WQD sa **(650) 652-3100**

**Lungsod at County ng San Francisco**  
**Komisyon sa mga Pamublikong Utilidad**  
**Dibisyon sa Kalidad ng Tubig**  
Telepono: (650) 652-3100

#### ANO ANG TINGGA?

Ang tingga ay isang nakalalasang metal na natatagpuan sa mga likas na deposito bilang mga ore na nagtataglay ng ibang mga elemento. Ang mga batang napasukan ng tingga sa kanilang katawan ay maaaring magkaroon ng mga problema sa pag-aaral at asal. Ang tingga ay nakakapinsala sa mga utak, bato at ibang mga bahagi ng katawan.

#### SAAN NANGGAGALING ANG TINGGA?

Ang tingga ay ginamit sa paggawa ng maraming produkto kabilang ang mga pintura, may-tinggang gasolina, gayon din sa mga panghinang at mga tubo sa instalasyon ng mga tubo. Bagaman ang paggamit ng tingga sa mga produktong ito ay ipinagbabawal na, ang tingga ay maaari pa ring namamalagi sa mga lumang bahay.

#### PAANO NAGKAKASAKIT ANG MGA BATA MULA SA TINGGA?

Kadalasan, ang mga bata ay nahahantad sa tingga sa pamamagitan ng paglunok ng alikabok o mga tatal ng pintura na nagtataglay ng tingga. Kabilang sa mga karagdagang pinanggagalingan ng tingga ang mga inangkat na kendi, kontaminadong lupa, o seramikong plato na may mga pampakintab na tingga. Ang tingga ay maaaring matagpuan sa mga iniinom na tubig sa pamamagitan ng kontaminasyon ng tubig na ginagamit ng sistema ng tubig, o sa pamamagitan ng pagkaagnas ng mga tingga sa instalasyon ng mga tubo o mga ikinakabit.

#### NASA TUBIG KO BA ANG TINGGA?

Ang tingga ay maaaring matagpuan sa mga iniinom na tubig sa pamamagitan ng kontaminasyon ng tubig na ginagamit ng sistema ng tubig, o sa pamamagitan ng pagkaagnas ng mga tingga sa instalasyon ng mga tubo o mga ikinakabit. Ang mga pinanggagalingan ng tubig ng San Francisco ay walang tingga, kaya ang pagkaagnas ng mga tubo o gripo na nagtataglay ng tingga ang mas higit na dapat alalahanin. Sa dahilang ito, tinanggal ng SFPUC ang lahat ng alam na linya ng serbisyo na may tingga noong mga taong 1980 at pinalitan ang higit sa 95% ng mga bronseng metro (na nagtataglay ng tingga) ng mga metrong walang tingga. Gayunman, ang ilang bahay sa San Francisco ay maaaring may nadagdagang mga antas ng tingga sa kanilang tubig sa gripo na dulot ng pagkasira ng mga materyal sa instalasyon ng mga tubo sa bahay na nagtataglay ng tingga.

#### ANO ANG DAPAT KONG GAWIN KUNG ANG AKING BAHAY AY MAY LUMANG INSTALASYON NG MGA TUBO?

Pababain ang tubig sa gripo para sa 30 segundo hanggang 2 minuto bago gamitin ang tubig para sa pag-inom o pagluluto. Ang tubig sa mga tubo at gripo ay maaaring maging kontaminado ng tingga mula sa mga bronseng gripo o tinggang panghinang kapag higit sa 6 na oras nang hindi nakukunan ng tubig ang gripo.

Gumamit ng malamig na tubig lamang upang uminom, magluto, magtimpla ng juice o maghanda ng pormula ng sanggol. Kung kailangan mo ng mainit na tubig, kunin ito mula sa malamig na tubig sa gripo at initin ito.

Maraming panala ng tubig na hindi nakakatanggal ng tingga. Kung bibili ka ng panala ng tubig siguruhin na ito ay nagsasabi na nakakatanggal ito ng tingga.

#### ANO PA ANG MAAARI KONG GAWIN?

- Inspeksiyunin ang iyong bahay para sa mga panganib ng tingga. Kabilang sa mga panganib ng tingga ang natutuklap na pintura at alikabok mula sa pagremodelo o napinsalang pintura.
- Huwag paglaruin ang mga bata sa lupa o dumi.
- Hugasan ang mga kamay, mukha, laruan ng mga bata at lahat ng inilalagay nila sa bibig. Hugasan ang kanilang mga kamay ng sabon at tubig bago kumain at matulog.
- Bigyan ang iyong mga anak ng balanseng pagkain. Ang mga pagkaing mayaman sa iron at calcium ay nagpoprotekta sa mga katawan laban sa tingga.
- Sabihin sa iyong doktor na suriin ang iyong mga anak para sa tingga.
- Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa ibang mga pinanggagalingan ng tingga, tawagan ang Pagtataguyod ng Kalusugan ng Kapaligiran ng mga Bata ng Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health Children's Environmental Health Promotion) sa (415) 252-3839.

**MGA MASASANGGUNI:**

SFPUC: "Annual Report" -

<http://sfwater.org/index.aspx?page=634> SFPUC: "Lead-

Free Faucets" - <http://sfwater.org/index.aspx?page=388>

SFDPH: "Childhood Lead Prevention Program" -

<https://www.sfdph.org/dph/EH/CEHP/Lead/default.asp>

U.S. Centers for Disease Control - <http://www.cdc.gov/nceh/lead/>

*Revised 02/19/2016*

Para sa isang *libreng* pagsusuri ng tingga sa tubig, ikaw ay dapat na karapat-dapat para sa WIC at kumuha ng isang kinumpletong butser na inisyu ng opisina ng WIC sa San Francisco. Ang mga pamilyang hindi karapat-dapat sa mga benepisyo ng WIC ay maaaring makipag-ayos para sa isang pagsusuri ng tingga sa tubig sa SFPUC Water Quality Division para sa \$25.00 kada tubig sa gripo.